DENR MIMAROPA RECORDS SECTION
RECEIVED
12 SEP 2022
INCOMING OUTGOING
BY: ___ DATS NO. ___

Caloocan, Metro Manila
Ika-5 ng Agosto, 2022

Engr. Roman G. Legaspi
Chief, Surveys and Mapping Division

Ginoong Legaspi,

Ako po si Edgar P. Gomez, ipinanganak sa lalawigan ng Palawan ngunit nakatira nap o ngayon dito sa Maynila dahil sa hanapbuhay. Mayroon po akong mga lupain sa mga bayan ng El Nido at Taytay, Palawan na sinisikap kong ayusin ang mga papeles. Nagsangguni po ako sa tanggpan ng CENRO sa Taytay, Palawan tungkol sa aking mga lupain sa Banbanan, Taytay, Palawan. Napag-alaman ko na hindi nasukat ang aking mga lupain at naging bahagi na lamang ng malaking Cadastral Lot No. 5763, Cad 841-D. Ayon sa aking nakausap sa CENRO Taytay, Palawan, ang mga lupain ko po sa tinurang barangay (Case 17 sa kadastro) ay napapaloob sa mga sumusunod na mapa:

1. CM 10° 47′ N 119° 19′ E
2. CM 10° 48′ N 119° 18′ E
3. CM 10° 49′ N 119° 18′ E
4. CCM 10° 46′ N 119° 16′ E

Humihingi po sana ako ng certified copies ng mga mapa na nabanggit sa itaas upang mailapit ko po sa lisensyadong Geodetic Engineer ang aking suliranin. Hindi po ako nabigyan ng mapa sa CENRO Taytay dahil tanging sa inyong tanggapan lamang daw po ako makakahingi.

Kaya, heto po ang aking request. Sana po ay mabigyang tugon ninyo ng maagap at maraming salamat po.

Gumagalang,

EDGAR P. GOMEZ

cell# - 09053362188